REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Original given to INC

Sangguniang Panglungsod

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 001-008**

**KAPASIYAHAN NA NAGPAPAABOT NG TAUS-PUSONG PAGBATI SA BUONG KAPATIRAN NG IGLESIA NI KRISTO SA KANILANG PAGDIRIWANG NG IKA-87 ANIBERSARYO SA HULYO 27, 2001.**

******************************************************************************

Ipinanukala ni: **Kgg. Victor L. Ulanday**

Kasamang Nagpanukala:
***Kgg. Mario E. Bulay, Jr.***
***Kgg. Elmer S. Espeleta***
***Kgg. Francis Ian T. Bagatsing***
***Kgg. Mamerto T. Sevilla, Jr.***
***Kgg. Lucio B. Constantino***
***Kgg. Rufino B. Joaquin***
***Kgg. Artemio A. Simundac***
***Kgg. Bal Niefes***
***Kgg. Nicanor L. Echavez, MD***
***Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.***
***Kgg. Raul R. Corro***
***Kgg. Melchor R. Teves***
***Kgg. Icasiano M. Dela Rea***

******************************************************************************

**SAPAGKAT,** ang *Iglesia ni Cristo* ay naitatag sa Pilipinas noong ika -27 ng Hulyo, 1914 na pinasimulan ni Kapatid Felix Y. Manalo;

**SAPAGKAT,** ang kapatid na Felix Manalo na isang Pilipino ang napili ng Panginoong Diyos upang maging isang "Sugo" ng bansang Pilipinas sa Dulong Silangan;

**SAPAGKAT,** sa pagsapit ng ika-87 taon ng *Iglesia Ni Cristo* ay kanilang pinapasalamatan ang ating Panginoong Diyos samantalang kanilang ginugunita ang kaniyang masaganang pagpapala na ipinagkaloob sa kaniyang mga hinirang.

**SAPAGKAT,** sa taong ito, ang *Iglesia* ay hindi lamang nakarating sa lalong kaluwalhatian sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga kongresasyon sa ibayong dagat at naggagandahang bahay sambahan at ang pagkatatatag ng lokal ng *Iglesia Ni Cristo* sa Gresya;

**SAPAGKAT,** ang *Iglesia Ni Cristo* ay patuloy na nagkakaloob ng libreng serbisyong medical, dental at lingap sa mamamayan upang mamahagi ng pagkain sa mga nangangailangan;

**SAPAGKAT,** ang *Iglesia Ni Cristo* ay naglalayong magbigay sa mga kapatid ng pamalagian at pangmahabang panahong tulong upang ang mga naging biktima ng malabis na kahirapan, lalo na ang mga nasalanta ng mga kalamidad ay unti-unting makabangon at makatayo sa kanilang mga sarili;

**SAPAGKAT,** ito ay masiglang itinataguyod ng *Iglesia Ni Cristo* hindi lamang sa Pilipinas kundi maging sa ibat-ibang bansa at sa mga dakong mayroong mga kaanib nito;

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 • 842-23-77
Fax No. 8426196

REPUBLIKA NG PILIPINAS
# PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod

***Pahina 2***
***Kapasiyahang Panlungsod Blg. 001-008***

**SAPAGKAT,** ang tanging layunin ng ***Iglesia Ni Cristo*** sa pagsasagawa ng lahat ng mga ito ay upang dulutan ng kasiyahan ang Diyos sa pamamagitan ng pagtalima sa dalawang pinakadakilang utos: na dapat nating ibigin ang Panginoong Diyos ng buong puso, buong pag-iisip, at buong kaluluwa at dapat nating ibigin ang ating kapwa gaya ng pag-ibig natin sa ating sarili;

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ang kapasiyahan na nagsasaad ng taus-pusong pagbati sa buong kapatirang Iglesia Ni Cristo sa kanilang pagdiriwang ng ika-87 Anibersaryo sa Hulyo 27, 2001.

**PINAGTIBAY,** ng *Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa* ngayong **ika-26 ng Hulyo 2001,** sa ginanap na Ikalawang (2nd) Regular na Sesyon.

**SINANG-AYUNAN:**

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

**DR. NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**MGGL. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Konsehal*

**FRANCIS IAN T. BAGATSING**
*Konsehal*

**MGGL. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**MELCHOR R. TEVES**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

**MGGL. ICASIANO M. DELA REA**
*Konsehal*

**MAMERTO T. SEVILLA, JR.**
*Konsehal*

**RUFINO B. JOAQUIN**
*Konsehal*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

*LIBAN:*

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Konsehal*

**RENE CARL S. CAYETANO**
*Konsehal*

**PINATOTOTOHANAN,** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**MGGL. ISIDORO L. SORIANO, JR**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**MGGL. JO JASON T. ALCARAZ**
*Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINATIBAY:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
*Petsa:* ________

*Norie/*